

Ang Uwak at ang Fianyas

hango sa salaysay ni Jerson
Ayongchi

Noong unang panahon, may dalawang hayop na nagngangalang Uwak at Fianyas. Kakaiba sa kanilang mga anyo ngayon, kapwa kulay puti ang uwak at ang fianyas noon.

Isang araw, nakaisip mamasyal si Fianyas pagkat hindi niya malaman ang kanyang gagawin sa kanyang pag-iisa. Naglakad-lakad siya sa tabing-ilog kung saan nasalubong niya si Uwak.

“Ano’ng ginagawa mo ngayon?” tanong ni Fianyas.

“Wala nga e, namamasyal-masyal din lang ako. Naghahanap ng pagkain,” sagot naman ni Uwak.

“Bakit hindi na lang tayo magtagpong muli dito bukas para pag-usapan natin kung ano ang gagawin natin?” tanong ni Fianyas.

“O sige, magkita ulit tayo dito,” sang-ayon ni Uwak.

Kinabukasan ng madaling araw, nagpunta si Fianyas sa tagpuan. Nauna na sa kanya roon si Uwak dahil nakalilipad ito. “Magandang umaga sa iyo, Uwak,” bati ni Fianyas.

“Ganoon din sa iyo, Fianyas,” sagot naman ni Uwak. Nang pagkakataong iyon, naging magkaibigan sila.

“Ano kaya ang magawa natin ngayon?” tanong ni Fianyas.

“Ikaw, kung anong gusto mo. Baka gusto mong mag-tattoo na lang tayo,” sagot naman ni Uwak.

“O sige,” sabi ni Fianyas. “Saan kaya tayo kukuha ng uling?” tanong ni Uwak.

“Maghanap tayo ng nasunog na bundok para may uling,” sabi ni Fianyas. Sumang-ayon si Uwak.

Dahil nakalilipad si Uwak, binuhat na lamang niya si Fianyas at lumipad sila para maghanap ng nasunog na bundok. Nang makakita sila ng bundok na maraming uling, pinuntahan nila iyon.

Nanguha sila ng maraming uling at pumunta sila sa sapa para dikdikin ang mga ito. Naghanap sila ng batong korteng kawa upang ilagay doon ang mga uling at dinikdik nila ang mga ito nang pinong-pino. Pagkatapos, nilagyan nila ito ng tubig at hinalo nang hinalo hanggang tamang-tama na ang timpla.

“Kailangan natin ng tinik,” sabi ni Fianyas.

“Ikaw na kaya ang kumuha ng tinik dahil may ngipin ka. Baka masira ang aking tuka,” pakiusap ni Uwak. Naghanap ng mga tinik si Fianyas. Nang makahanap, kumuha siya ng ilan, binalot sa mga dahon at dinala pabalik sa sapa.

“Sino sa atin ang mauunang tattoo-an?” tanong ni Fianyas kay Uwak.

“Ikaw na lang kaya,” sagot naman ni Uwak.

“Sige, pagbutihin mo ang pagtattoo, ha? Para magandang tingnan,” sabi ni Fianyas.

Kumuha ng tatlong tinik si Uwak at inumpisahan niyang tattoo-an si Fianyas sa ulo, ilong, tainga, leeg, likod. Dinahan-dahan niya. Maingat na maingat. Matagal niyang ginawa ito dahil iyon ang tamang paraan. Pinapikit niya si Fianyas. “Huwag kang didilat, para sorpresa,” utos ni Uwak.

Umabot siya sa tiyan, sa likod, sa paa hanggang matapos niya ang buong katawan ni Fianyas.

“Dumilat ka na at tapos na ang pag-tattoo ko sa iyo,” sabi ni Uwak.

Nang dumilat si Fianyas, laking tuwa niya. “Aba, ang ganda nito a! Magandang tattoo! Magaling ka pala. Kahit masakit, maganda talaga,” bulalas niya.

“O, ako naman ang tattoo-an mo,” sabi ni Uwak.

“Sige, pumikit ka rin,” utos ni Fianyas. Pumikit naman si Uwak.

Kinuha ni Fianyas ang uling. Ngunit sa halip na i-tattoo niya ito kay uwak, ipinahid niya lamang ito. Sinimulan niya sa ulo. “Hmmm, magandang tattoo,” sinabi ni Fianyas. Ipinahid-pahid lamang niya ang uling habang paulit-ulit niyang sinabing, “magandang tattoo.” Pahid siya nang pahid mula ulo hanggang sa buntot at pati na sa paa.

Matapos ang ilang sandali, tumigil na sa kapapahid si Fianyas. “Dumilat ka na at tingnan mo ang tinattoo-an ko,” sabi ni Fianyas. Nang dumilat si Uwak, laking pagkabigla niya sa kanyang nakita. Nangitim ang buong katawan niya. “Bakit ganito ang ginawa mo sa akin? Dinungisan mo ang pagkamalinis ko. Pinaitim mo ako. Anong klase kang kaibigan?” tanong ni Uwak.

Galit na galit na sumigaw si Uwak, “Hindi na tayo magkaibigan dahil nilinlang mo ako. Isinusumpa ko, mula sa araw na ito, ang iyong mga anak ay magiging kaanyo at kaugali mo. Ang mga anak ko’y magiging kaanyo’t kaugali ko. At hindi sila magiging magkakaibigan kailan man.”

Magmula nang araw na iyon, naging kulay itim ang mga uwak at ang mga fianyas nama’y parang may tattoo ang balat, at hinding-hindi na sila makikitang magkasama.